Ang Mundo ay natatamasa at ang pinakamabuti sa natatamasa sa Mundo ay ang babaing maayos."}

Ayon kay `Abdullāh bin `Amr (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Ang Mundo ay natatamasa at ang pinakamabuti sa natatamasa sa Mundo ay ang babaing maayos."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Mundo kalakip ng anumang narito ay bagay lamang na tinatamasa sa isang bahagi ng panahon, pagkatapos maglalaho ito. Ang pinakamainam na natatamasa rito ng tao ay ang maayos na maybahay, na kapag tumingin siya rito ay nagpapagalak ito sa kanya, kapag nag-utos siya rito ay tumatalima ito sa kanya, at kapag lumiban siya rito ay nag-iingat ito sa kanya ng sarili nito at ari-arian niya.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5794